5

DEPARTMENT OF EDUCATION

Kuwarter 2

7

# Sagutang Papel Sa Filipino

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM**

**Sagutang Papel sa**
**Kuwarter 2: Aralin 7**
**SY 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023- 2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat**:
Andilaine R. Tajanlangit- (DepEd Valenzuela Malinta National High School)
**Tagasuri**:
Mercy B. Abuloc – (Philippine Normal University Mindanao)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University Research Center for Teacher Quality SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa | |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pagkuha ng Dating Kaalaman** | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain 1: KATOTOHANAN o OPINYON (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

A. Nasusuri ang katotohanan at opinyon.

**III. Mga Kailangang Materyales**

Lapis

IV. **Panuto:** Isulat sa patlang ang **K** kung katotohanan ang isinasaad ng pahayag at **O** kung opinyon.

__________1. Sa ganang akin, mas mainam magpahinga kaysa magbasa.

_________2. Ayon sa Kalihim ng Edukasyon na si Bise Presidente Sara Duterte-Carpio, mahalagang mabatid ng lahat ang nilalaman ng MATATAG Curriculum.

_________3. Sa palagay ko ay mas gusto ni Jhudrill na mangibang-bansa kaysa magtrabaho dito sa ating bansa.

_________4. Sa tingin ko, bagay sa aking maging isang guro.

________5. Para sa akin, hindi na kailangang gumastos kapag may okasyon.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paglalahad ng Layunin** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2: *A. TARA-BASA* (20 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

*A.* Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing Ramadan

**III. Mga Kailangang Materyal**

sipi ng tulang Ramadan ni Andilaine R. Tajanlangit, lapis

IV. ***Panuto:*** Pagpapabasa ng tulang Ramadan ni Andilaine R. Tajanlangit.

## Ramadan

ni: Andilaine R. Tajanlangit

Isang kaganapang panrelihiyon ng mga Muslim,
Ramadan kung ito ay tawagin,
Nagaganap tuwing ikasiyam na buwan sa Kalendaryong Islam,
Panahon ng pag-aayuno, pagdarasal at pagninilay.

Ang taunang pagtalima sa Ramadan
Ay itinuturing bilang isa sa limang haligi ng islam;
Tumatagal ito ng ng dalawampu't siyam hanggang tatlumpung araw,
Mula sa pagkakita ng gasuklay na buwan.

Mula pagsikat hanggang paglubog ng araw
pagkain at inumin ay dapat iwasan;
*Suhur* ang tawag sa kainan bago ang pagsikat ng araw,
Matapos mag-ayuno, *Iftar* naman ang tawag sa hapunan.

**Gabay na mga tanong:**

1. Sino ang nagsasagawa ng Ramadan?

_______________________________________________

2. Anong relihiyon ng mga Muslim?

_______________________________________________

3. Ilahad ang mga kaganapan tuwing Ramadan.

_______________________________________________

4. Ihambing ang mga gawi ng iyong relihiyon  sa relihiyong Islam.

_______________________________________________

5. Gaano kahalaga ang pagsunod sa mga kaugalian njg iyong relihiyon?

_______________________________________________

**B. TALAS-SALITAan:** Hanapin ang kasingkahulugan ng mga salita na nasa *puzzle.* Pagkatapos ay gamitin ang mga ito sa pangungusap.

1. Aruga
2. Nananahan
3. Matalik
4. Nabiyayaan
5. Nabalo

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **A** | **D** | **U** | **Y** | **I** | **B** | **A** | **N** | **B** | **N** |
| **N** | **L** | **E** | **U** | **A** | **N** | **O** | **N** | **A** | **A** |
| **A** | **S** | **A** | **G** | **G** | **R** | **A** | **A** | **N** | **G** |
| **K** | **M** | **W** | **G** | **S** | **M** | **L** | **L** | **Y** | **K** |
| **A** | **A** | **K** | **A** | **A** | **I** | **R** | **A** | **O** | **A** |
| **T** | **K** | **S** | **L** | **N** | **T** | **K** | **L** | **U** | **R** |
| **I** | **U** | **D** | **K** | **A** | **B** | **H** | **A** | **R** | **O** |
| **R** | **H** | **G** | **M** | **B** | **A** | **G** | **P** | **A** | **O** |
| **A** | **A** | **G** | **Y** | **A** | **N** | **D** | **I** | **N** | **N** |
| **T** | **T** | **U** | **T** | **I** | **P** | **A** | **L** | **A** | **M** |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Liham Pangkaibigan** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3: Pagproseso sa Pag-unawa (15 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**A. Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.**

- *liham pangkaibigan (pagbabalita-pagkukuwento)*

**III. Mga Kailangang Materyales**

Sipi ng kuwentong Baguio ni Andilaine R. tajanlangit

IV. **A. KUWENTO-BASA:** Basahin ang kuwentong pinamagatang **Baguio** ni Andilaine R. Tajanlangit, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kaugnay sa kuwento.

## Baguio

Ni: Andilaine R. Tajanlangit

Masayang nananahan ang mag-anak na Valmadrid sa San Miguel, Bulacan. Ang masipag na haligi ng tahanan na si Mang Val at ang mabuting maybahay na si Erlinda ay biniyayaan ng tatlong malulusog na supling na sina Riza, Rose at JR.

Lumaking mabubuting bata ang magkakapatid. Binusog sila sa pagmamahal at pag-aaruga ng kanilang magulang. Sa paaralan ay maraming kaibigan ang magkakapatid.

Matalik na kaibigan ni Rose si Monique. Magkaklase sila mula baitang isa hanggang ngayong Baitang 5 na sila. Hindi sila mapaghiwalay. Lagi silang magkasama kahit sa pagpunta sa palikuran.

“Bes, sabi ng tita Dely kong nakatira sa Baguio, doon na raw ako titira sa kanya. Siya na raw ang magpapa-aral sa akin hanggang sa makatapos ako ng kolehiyo. Pumayag na rin sina nanay at tatay.” Balita ni Rose kay Monique. “ano ba yan bes, nakakalungkot naman yang balita mo. Hindi ako sanay na hindi tayo palaging magkasama.” maluha-luhang wika ni Monique. “Huwag kang malungkot bes, maaari ka namang bumisita sa akin doon sa Baguio tuwing bakasyon. Mamasyal tayo doon.” Pang-aalo ni Rose kay Monique.

Dumating ang araw ng pag-alis ni Rose papuntang Baguio. Sinundo siya ng kaniyang tiya Dely sa kanilang bahay. Masaya si Rose sa biyahe kasama ang kanyang tiya Dely. Malapit talaga silang dalawa sa isa’t isa. Maagang nabalo ang kanyang tiya at hindi nabiyayaan ng anak kaya siya

na ang itinuturing nitong anak.

Ilang araw pagkarating nina Rose at Tiya Dely sa Baguio ay agad itong gumawa ng liham para sa kanyang matalik na kaibigang si Monique.

143 Evangelista Street,
Leonila Hill Rd, Baguio City
Mayo 20, 2024

Minamahal kong Monique,

Kumusta ka na Bes? Nandito na ako sa Baguio. Ang ganda talaga rito. Napakalamig pa ng klima rito. Namimiss kita Bes. Kahapon ay ipinasyal ako ni Tiya Dely sa Burnham Park. Nagbisikleta kami roon. Naalala ko nga noong nagbibisikleta tayo diyan sa atin.

Nagpunta rin kami sa Botanical Garden. Naku paniguradong matutuwa ka roon dahil napakalawak at maraming magagandang anggulo para sa pagkuha ng mga larawan.

Ipinagluto ako kanina ni tiya Dely ng paborito nating Sinampalukang manok. Naaalala

Masayang masaya si Monique nang matanggap ang liham mula kay Rose.

**Gabay na tanong:**

1. Sino ang matalik na magkaibigan sa kwento?
2. Anong damdamin ang nangibabaw kay Monique matapos niyang marinig ang balita ni Rose?
3. Ilarawan ang karanasan ni Rose sa Baguio.
4. Anong lugar sa Pilipinas ang gusto mong mapuntahan? Bakit?
5. Gaano kahalagang magkaroon ng matalik na kaibigan?

B. Pagsunod-sunorin ang mga pangyayaring naganap sa kuwento.

_____ Sumulat ng liham si Rose kay Monique.

_____ Masayang nananahan ang pamilya Valmadrid sa San Miguel, Bulacan.

_____ Nalungkot si Monique sabalita ni Rose.

_____ Biniyayaan ang mag-asawang Val at erlinda ng tatlong malulusog na anak.

_____ Ibinalita ni Rose na sa Baguio na siya mag-aaral.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pokus ng Pandiwa (Tagatanggap)** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 4: POKUS SA PANDIWA (20 minuto)**

II. **Mga Layunin:**
   **A. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag**
   *1. pokus ng pandiwa-tagatanggap/ benepaktibo*

III. **Mga Kailangang Materyal**
   lapis

IV. **Panuto:** Ipabasang muli ang akdang **Baguio** ni Andilaine R. Tajanlangit at ipatala ang ginamit na pandiwang tagatanggap o Benepaktibo.

## Baguio
Ni: Andilaine R. Tajanlangit

Masayang nananahan ang mag-anak na Valmadrid sa San Miguel, Bulacan. Ang masipag na haligi ng tahanan na si Mang Val at ang mabuting maybahay na si Erlinda ay biniyayaan ng tatlong malulusog na supling na sina Riza, Rose at JR.

Lumaking mabubuting bata ang magkakapatid. Binusog sila sa pagmamahal at pag-aaruga ng kanilang magulang. Sa paaralan ay maraming kaibigan ang magkakapatid.

Matalik na kaibigan ni Rose si Monique. Magkaklase sila mula baitang isa hanggang ngayong Baitang 5 na sila. Hindi sila mapaghiwalay. Lagi silang magkasama kahit sa pagpunta sa palikuran.

“Bes, sabi ng tita Dely kong nakatira sa Baguio, doon na raw ako titira sa kanya. Siya na raw ang magpapa-aral sa akin hanggang sa makatapos ako ng kolehiyo. Pumayag na rin sina nanay at tatay.” Balita ni Rose kay Monique. “ano ba yan bes, nakakalungkot naman yang balita mo. Hindi ako sanay na hindi tayo palaging magkasama.” maluha-luhang wika ni Monique. “Huwag kang malungkot bes, maaari ka namang bumisita sa akin doon sa Baguio tuwing bakasyon. Mamasyal tayo doon.” Pang-aalo ni Rose kay Monique.

Dumating ang araw ng pag-alis ni Rose papuntang Baguio. Sinundo siya ng kaniyang tiya Dely sa kanilang bahay. Masaya si Rose sa biyahe kasama ang kanyang tiya Dely. Malapit talaga silang dalawa sa isa’t isa. Maagang nabalo ang kanyang tiya at hindi nabiyayaan ng anak kaya siya na ang itinuturing nitong anak.

Ilang araw pagkarating nina Rose at Tiya Dely sa Baguio ay agad itong gumawa ng liham para sa kanyang matalik na kaibigang si Monique.

143 Evangelista Street,
Leonila Hill Rd, Baguio City
Mayo 20, 2024

Minamahal kong Monique,

Kumusta ka na Bes? Nandito na ako sa Baguio. Ang ganda talaga rito. Napakalamig pa ng klima rito. Namimiss kita Bes. Kahapon ay ipinasyal ako ni Tiya Dely sa Burnham Park. Nagbisikleta kami roon. Naalala ko nga noong nagbibisikleta tayo diyan sa atin.

Nagpunta rin kami sa Botanical Garden. Naku paniguradong matutuwa ka roon dahil napakalawak at maraming magagandang anggulo para sa pagkuha ng mga larawan.

Ipinagluto ako kanina ni tiya Dely ng paborito nating Sinampalukang manok. Naaalala nga kita habang kumakain ako.

Malapit na ang bakasyon. Pumayag na ba ang mga magulang mo na magbalasyon kayo rito?

Namimiss na kita bes. Mag-iingat kayo diyan palagi.

Lubos na Nagmamahal,

Rose

Masayang masaya si Monique nang matanggap ang liham mula kay Rose.

| **Pandiwang Tagatanggap o Benepaktibo** |
|---|
| |
| |

B. **IKAW NAMAN!:** Magbigay ng 5 halimbawa ng pangungusap na ginagamitan ng pokus ng pandiwang tagatanggap o benepaktibo.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paglalahat** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 5: Pabaong Pagkatuto (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

**A. Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.**

- *liham pangkaibigan (pagbabalita-pagkukuwento)*

**B. Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing Ramadan**

**III. Mga Kailangang Materyal**

Lapis

1. **A.** Bumuo ng liham pangkaibigan na nagkukuwento ng iyong karanasan.

______________________
______________________
______________________

______________________

______________________________________________
______________________________________________
______________________.
______________________________________________
______________________________________________
______________________.

______________________

______________________

**B. Give Me Five:** Magtala ng limang pangyayaring nakapaloob sa isinasagawang Ramadan ng mga Muslim.

1. ______________________________________________
______________________.
2. ______________________________________________
______________________.
3. ______________________________________________
______________________.
4. ______________________________________________
______________________.
5. ______________________________________________
______________________.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | Ikalawa |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pagtataya** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 6: Pagsusulit (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

*A.* **Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag**

*1. pokus ng pandiwa-tagatanggap/ benepaktibo*

**III. Mga Kailangang Materyal**

lapis

IV. A. **Panuto:** Ikahon ang pandiwa at salungguhitan ang simuno na ginamit sa pangungusap.

1. Ipinag-igib ng tubig ni Rod si Tess.

2. Ipinaghanda ng tanghalian ni Tonet si Emily.

3. Ipinaglaba ni Gaudy si Coy.

4. Ipinitas ni Jaja ng bayabas si Kate.

5. Ipinanghuli ng isda ni Beverly si Niking.